

Sandaan at Isang Gabi't Araw

Paul Alcosoba Castillo

DOBLE KARA

Nahihirapan akong humagap ng susunod
na hininga pero muling babatakin

ang pasensiyang karugtong ng huling pananggalang
na isusuot sa mukha bago lumusong

muli sa labas. Bawat masasalubong ay aakalaing
kakilala kahit mga mata ang tanging

namamata. Paano nahuhubad ang kaakuhan
habang nagdaragdag ng ipinantatakip sa mukha?

Kanina, napanood ko ang mga nakunan:
kung bakit sinunggaban ang nasa tapat lang

ng sariling bahay, ilan ang pumalo sa nagbebenta ng isda
sa bangketa, at paanong nabunutan ng tinik

ang nambaril sa bumubunot lang ng kaakuhan.
Pero ang tanging naitala'y telang nakatakip

sa mukha ng dahas sa sandaling pumikit ang mata
ng kamera. Natitikom ang pag-aalsa

dahil sa kalabang nakakalat sa kalsada. Kamay
na pumipigil sa katotohanang tumitilamsik
mula sa bibig ang suot na maskara. Nahhirapan na
akong humagap ng susunod na hininga
kahit walang nakadagan sa leeg at tatangkaing
tanggalin ang huling pananggalang
sa tinig na dapat nang madinig.

MAÑANITA

Laging nasa
huli ang sorpresa
sa pagdiriwang
dahil mabibigo
na mabilang
ang mga bisitang
nag-abot ng pagbati
at pumpon ng rosas
at oras para mairaos
ang cake at kandilang
magkakalat sa akalang
matutupad ang hiling
na hindi mahuhuli
nang pangwakas na
hinipan ang sindi

ANIBERSARYO

Napipinto na ang pagbubukas ng mga hanggahan ng lungsod gayong higit na humigpit ang pagkakakilala sa landas ng iyong balat na lagi't laging binabagtas ngayong ipinatutupad ang batas laban sa paglabas. Sa silid na ito, mabubuhay tayong dalawa sa isa't isa, samantalang sa labas, naantala ang gutóm ng pananamantala sa lata at bigas na ikinakaltas sa bawat supot, ang laman na pasalubong ko sa iyo.

Sa isang upuan, nauubos natin ang mga kuwento ng hindi matubos-tubos nang lumabas at lumampas sa agwat na itinakda o ang nagtangkang magpakita ng mukha. Para sa hapunan, ihahain natin ang mga sarili sa hapag na mahahantong sa higaan. Dito, pagsasaluhan natin ang natitira sa ating mga bahagi. Binabati ako ng mga binti mong humihila sa akin patungo sa mga hitang humahati sa aking pansin. Ramdam mo ang pulsong pumipintig sa bawat halik sa aking leeg. Ilalapat sa palad mong nalahad ang dahilan na iniibig hindi dahil naliligalig kundi dahil sa ligaya, at lalong hindi dahil tayo lang ang maaaring magkahawak.

Kung kasalanan ang kaselanan, maaabot tayo ng lunas bukod sa lunggati sa loob ng silid na ito na lubos na magpapalabas sa atin pagkatapos ng higit sa isangdaan at isang gabi't araw na dadalawa lang tayo. Sasapit ang unang rebolusyon ng daigdig sa ating pag-iisang dibdib na magkarugtong na ang ating mga hininga.